Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Simuno at Panaguri (Mga Sagot)

Isulat sa patlang ang salitang **simuno** kung ang may salungguhit ay tumutukoy sa simuno o paksa ng pangungusap. Isulat ang salitang **panaguri** kung ito ay tumutukoy sa panaguri ng pangungusap.

simuno 1. Si Ginoong Malvar ang nahalal bilang pangulo ng samahan.

panaguri 2. Masayang nakilahok sa paligsahan sina Gloria at Gemma.

panaguri 3. Sinusuri nang mabuti ng mga imbestigador ang mga ebidensiyang nakuha sa lugar ng krimen.

simuno 4. Sila ay tumulong sa paglikas ng mga residente mula sa mapanganib na lugar.

simuno 5. Iligpit natin ang mga nakakalat na laruan sa sahig ng sala.

panaguri 6. Ang kaibigan mo ay tiyak na matutuwa sa sorpresa na inihanda mo para sa kanya.

simuno 7. Tumayo tayo nang tuwid habang inaawit ang Lupang Hinirang.

simuno 8. Napansin ng guro ang mabubuting asal na ipinamalas ng mga mag-aaral.

simuno 9. Ang mga magulang ng mga mag-aaral ay inanyayahang dumalo sa gaganaping pagtatanghal.

panaguri 10. Sina Ariel, Warren, at Joshua ay naghanda ng masarap na meryenda para sa mga panauhin.

panaguri 11. Nagbigay ng malaking donasyon para sa bahay ampunan ang samahan ni Ginang Santiago.

panaguri 12. Ang mga turista ay hinikayat na sumali sa pagsasayaw sa parada ng pista.

© 2013 Pia Noche